# Maging Pinakamahusay

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Jerome Marquez, SVD
Agosto 12, 2023

Bilang indibidwal, tayong lahat ay lumalago. May saklaw o lawak kung ano tayo at kung ano ang maaari nating marating. At saka, bilang kasapi ng Charismatic na pamayanan, laging pagsumikapang sundin ang kalooban ng Diyos para sa atin. Para maging pinakamahusay, dapat ay may **Layunin, Alab ng Damdamin, at Paggawa.**

**1.Layunin (Roma 8.28)**

1.1. Bawat isa sa atin ay may iba't-ibang layunin (bilang ama, ina, anak, at iba pa). Inialay ni Hesus ang Kanyang buhay upang iligtas tayo.

1.2. Isa sa mga kaugalian sa halos lahat ng mga paaralan ay ang kahusayan. Alin ang gusto natin - maging matagumpay o maging mahusay? Kung gusto nating maging matagumpay, kinukumpara natin ang ating sarili sa iba. Kung kahusayan ang pinag-uusapan, ang pamantayan natin ay ang ating sarili. Hindi tayo ikinukumpara ng Diyos sa Kanyang mga ibang nilikha.

1.3. Pinag-uusapan ng mundo ang kahusayan ng maka-mundong bagay. Ito'y walang hanggang pagnanais na maging mabuti. Maging sa ating espiritwal na buhay, ninanais din natin na maging maayos ang ating relasyon sa Diyos.

1.4. Ang pang-habambuhay na pag-aaral ay walang hanggang kagustuhang mapabuti ang buhay, na nagdudulot ng kahusayan. Ngunit kung kontento na tayo sa "puede na yan," magiging pangkaraniwan lamang ang ating mga gawa – walang pagnanasang mapabuti pa.

1.5. Mula kay Rick Warren sa "*A Purpose Driven Life*": Noong nilikha tayo ng Diyos, may plano na Siya. Ang layunin ay wala sa loob natin; ito ay nasa labas natin dahil ito ay nasa plano ng Diyos. Kinakailangan ng puso at kaluluwa upang maunawaan natin ang layunin ng Diyos para sa atin. Ang dahilan kung bakit tayo narito ay upang matupad ang malaking plano ng Diyos.

**2. ALAB NG DAMDAMIN:**

2.1 Kapag tayo ay may layunin, kailangan din ng alab ng damdamin. Ito ay ang pagbibigay ng buong sarili sa lahat ng gawain na nagdudulot ng kasiyahan sa ating buhay.

2.2. May mga pahiwatig kung hindi na nag-aalab ang ating damdamin: nababagot, napapagod at maraming reklamo.

2.3. Mabuti kung ang ating layunin ay kung nasaan din ang alab ng ating damdamin. Kapag ito ay nawala na, kailangan nating tumigil sandali at pakinggan ang puso at isip. Kailangan muli tayong makipag-ugnay sa malaking plano ng Diyos.

**3.Paggawa:** May anim na mataas na kaugalian ng paggawa ayon sa pagsasaliksik:

3.1. Hanapin ang malinaw na layunin. Lagi nating hanapin at tanungin kung ang ginagawa natin ay ayon sa kalooban ng Diyos.

3.2. Bumuo ng enerhiya. Hindi lang ito para sa pisikal na ehersisyo kundi para rin sa pangkaisipan. Magkaroon ng positibong enerhiya sa tulong ng Banal na Espiritu.

3.3. Itaas ang mga pangangailangan nang higit pa sa sarili. Magkaroon ng mataas na pagganyak upang magawa natin ang pinakamahusay.

3.4. Maging produktibo. Masyado tayong abala sa kung ano-anong bagay. Alamin ang mahalaga at gawing produktibo: oras sa pamilya at pagdarasal.

3.5. Ang kaisipang magbigay (hindi kaisipang tumanggap). Bigyang halaga ang linguwahe ng pag-ibig ng pagbibigay, salitang makapagpagaan ng loob, yakap/haplos at mga regalo: nagpapakita ito ng pagpapahalaga.

3.6. Ipakita ang tapang. Ang matagumpay na taga-ganap ay may mga panganib na haharapin. Kahit mahirap, magkaroon ng lakas ng loob, huwag susuko at makakamtan rin ang pinapangarap.

**Konklusyon**:

Lagi nating iisipin na magkaroon ng walang hanggang pagnanais na maging mabuti. Magpasakop tayo sa Dakilang Diyos at sa Kanyang plano sa atin.

**Pagninilay:**

1. Higit ka na bang mabuti ngayon?
2. Anong bahagi ng iyong buhay ang gusto mong lumago?
3. Ang gawain mo ba sa komunidad ang pinakamahusay?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:https://lordsflock.org/teachings/digests**
Tags: #Layunin#Pagsinta#Pagsasagawa